EMBASSY OF THE REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
سفارة جمهورية الفلبين
MANAMA

**PUBLIC ADVISORY NO. AJL-8-2022**

## MAHALAGANG PAALALA UKOL SA VISIT VISA

Ang Pasuguan ng Pilipinas sa Kaharian ng Bahrain ay mariing nagpapaalala sa ating mga kababayang Pilipino na mahigpit na ipinagbabawal ng Pamahalaan ng Bahrain ang pagtratrabaho gamit ang visit visa.

Ang sinumang mahuli at mapatunayang nagtratrabaho na walang tamang permit o visa ay maaaring makasuhan at mapatawan ng kaparusahan ayon sa umiiral na batas sa Kaharian ng Bahrain.

Para maiwasan ang pag-taas ng bilang ng mga ilegal na manggagawa sa Bahrain, pinapaigting ng iba't-ibang ahensiya ng Pamahalaan ng Bahrain ang pagsusuri at pagsubaybay sa mga manggagawa sa buong kaharian.

Pinapaalalahanan din at hinihikayat ang ating mga kababayang Pilipino na dumaan sa tamang proseso upang magkaroon ng legal na dokumento at manatiling documented worker sa Kaharian ng Bahrain.

Mag-ingat po sa mga tao o ahensya na nangangako na mapoproseso ang work visa kapalit ng malaking halaga sa pamamagitan ng mga hindi lehitimong paraan.

Salamat po.

18 October 2022

PHILIPPINE EMBASSY
MANAMA

Villa No.939, Road No. 3220, Block 332, Mahooz, Manama, Kingdom of Bahrain
Tel No. (+973) 17721234 / Fax: (+973) 17720827
www.manamape.dfa.gov.ph